



Tagapagrehistro-Tagapagtala/Klerk ng County ng County ng Los Angeles

DEAN C. LOGAN

Tagapagrehistro-Tagapagtala/  
Klerk ng County

## PAHAYAG NG PAGPAPATIBAY NG PIRMA

Basahing mabuti ang mga tagubiling ito bago kumpletuhin ang pahayag.  
Ang iyong balota ay maaaring hindi mabilang kung hindi mo susundin ang mga tagubiling ito.

Mahal na Botante,

Natukoy namin na ang iyong pirma na inilagay sa iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay hindi tumutugma sa (mga) pirma sa talaan ng iyong rekord bilang botante. Para siguraduhin na ang iyong balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay mabibilang, ang pahayag ng pagpapatibay ng pirma ay dapat na kumpletuhin at maibalik sa pinakamabilis na panahon.

Ako, \_\_\_\_\_, ay isang nakarehistrong botante ng County ng Los Angeles,

(Ilimbag ang Iyong Pangalan)

Estado ng California. Ako ay nagpapahayag sa ilalim ng parusa sa pagbibigay ng hindi totoong pahayag na ako ay humiling at nagbalik ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Ako ay isang residente ng presinto kung saan ako bumoto, at ako ang tao na ang pangalan ay lumilitaw sa sobre ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo. Naiintindihan ko na kung ako ay gagawa o magtatangka ng anumang pandaraya na may kaugnayan sa pagboto, o kung ako ay tutulong o magkukunsinti sa pandaraya o pagtatangkang tumulong o kumunsinti sa pandaraya na may kaugnayan sa pagboto, ako ay maaaring mahatulan ng isang peloni na maparurusahan ng pagkabilanggo ng 16 na buwan o dalawa o tatlong taon. Naiintindihan ko na ang aking kabiguang pumirma sa pahayag na ito ay nangangahulugang ang aking balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay pawawalang-bisa.

(Pinirmahan)

X

Pirma ng Botante (ang kapangyarihan ng abugado ay hindi tinatanggap)

Kung ang botante ay hindi kayang pumirma, siya ay maaaring magmarka na may isang taong testigo.

(Testigo)

Pinetsahan sa \_\_\_\_\_ araw na ito ng \_\_\_\_\_, 2021.

Direksiyon ng Tirahan ng Botante: \_\_\_\_\_

Sa sandaling makumpleto, mangyaring gamitin ang isa sa mga opsyon na nakalista sa ibaba upang ibalik ang pormang ito sa Tagapagrehistro-Tagapagtala/Klerk ng County (RR/CC) 12400 Imperial Highway, Norwalk, CA 90650. Ang pirma sa pormang ito ay idaragdag sa inyong kasalukuyang rekord ng rehistrasyon ng botante para sa darating na mga halalan. Kung mayroon kayong mga katanungan, mangyaring tawagan kami sa (800) 815-2666, opsyon 2.



Ibalik sa Sentro  
ng Pagboto/  
Kahong Hulugan

Maaari mong ihulog ang iyong Pahayag ng Pagpapatibay ng Pirma bago ang ika-8 ng gabi sa Araw ng Halalan, ika-20 ng Hulyo, 2021 sa alinmang sentro ng pagboto sa County ng Los Angeles o gumamit ng isang nakatalagang kahong hulugan ng balota bago ang ika-8 ng gabi sa ika-20 ng Hulyo, 2021.



Ibalik ng  
Personal

Maaari kang pumunta sa RR/CC para ibalik ang Pahayag ng Pagpapatibay ng Pirma bago ang ika-5 ng hapon sa ika-31 ng Hulyo, 2021.



Ibalik sa  
pamamagitan  
ng koreo

Ang Pahayag ng Pagpapatibay ng Pirma ay maaaring ipakoreo sa kalakip na sobre at dapat matanggap ng RR/CC bago ang ika-5 ng hapon sa ika-31 ng Hulyo, 2021.



Ibalik sa  
pamamagitan  
ng fax/email

Maaari mong i-fax ang iyong Pahayag ng Pagpapatibay ng Pirma sa Seksyon ng Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo sa (877) 614-1127 o (562) 232-7924 o mag email sa [votebymail@rrcc.lacounty.gov](mailto:votebymail@rrcc.lacounty.gov) bago ang ika-5 ng hapon sa ika-31 ng Hulyo, 2021.